# Si Salagubang At Salaginto

Isinulat at iginuhit nina:
**Sharon B. Garcia**
**Monet C. Dimacusa**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**


Ang magkaibigang Salagubang at Salaginto bago lumabas sa butas ng lupa, ay sumisilip muna.

Umiiwas sila sa buho at lambat na dala ng tao.

"Lumabas na tayo at maglaro," paanyaya ni Salaginto kay Salagubang.

"Teka muna, silipin muna natin kung nandyan ang may dala ng buho at lambat, baka makuha ako," takot na sabi ni Salagubang.

"Ang yabang mo naman!" sagot ni Salaginto. "Naiinggit nga ako sa iyo, lagi na lamang ang mga tulad mong Salagubang ang kinukuha ng mga tao, kaming Salaginto ay itinatapon at binabalik sa lupa," katuwiran ni Salaginto.



“Kung gusto mo, magpalit tayo ng kulay,” mungkahi ni Salagubang.

Natuwa naman si Salaginto sa mungkahi ni Salagubang.

Isang araw, sa pagsilip ng magkaibigan sa butas ng lupa, lumabas ang dalawa. Kumapit ang dalawa sa buho at lambat ng tao.

Maya-maya itinapon ng tao si Salagubang na kulay ginto, samantalang tuwang-tuwa naman si Salaginto na nagkakulay lupa dahil hindi sya binalik sa lupa ng tao.

Sa tahanan ng tao, ibinuhos nito sa palanggana ang lahat ng Salagubang na nasa buho at lambat na puno ng tubig upang hugasan. Ayun na, lumabas ang tunay na kulay ni Salaginto. Nakita ito ng mga tao kaya inihagis nila siya sa labas..

